# Pag-iwas sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho sa Pangkalahatang Industriya (Mga Setting na Hindi sa Pangangalagang Pangkalusugan) - Impormasyon para sa Mga Employer

Ayon sa Occupational Safety and Health Administration (OSHA), nakakaapekto ang karahasan sa lugar ng trabaho sa halos 2 milyong Amerikanong manggagawa taun-taon. Nakakaapekto ito sa halos 2 milyong Amerikanong manggagawa bawat taon. Tinutugunan ng SB 553 ang karahasan sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga employer na magpatupad ng mga pangunahing proteksyon upang maprotektahan ang mga empleyado habang nasa trabaho.

Ang fact sheet na ito ay isang pangkalahatang-ideya ng **California Senate Bill 553** (SB 553), na nilagdaan bilang batas noong Setyembre 30, 2023. Binago ng SB 553 ang seksyon 6401.7 ng Labor Code para atasan ang mga employer na magtatag at magpatupad ng plano sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho alinsunod sa bagong pinagsama-samang mga batas sa seksyon **6401.9** ng Labor Code, na nagtatakda ng mga kinakailangan para sa plano. Simula sa Hulyo 1, 2024, ang karamihan ng mga employer sa California ay dapat magtatag, magpatupad, at magpanatili ng Plano sa Pag-iwas sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho (Workplace Violence Prevention Plan) na kinabibilangan ng:

- Pagbabawal ng paghihiganti sa empleyado.
- Pagtanggap at pagtugon sa mga ulat ng karahasan sa lugar ng trabaho.
- Pagsasanay at komunikasyon tungkol sa karahasan sa lugar ng trabaho ng mga empleyado.
- Pagtugon sa emergency o kagipitan.
- Pagtatasa / Pagsusuri ng peligro o panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho.
- Iba pang mga iniaatas / kinakailangan, tulad ng pagpapanatili ng isang Tala (Log) ng Marahas na Insidente.

## Ano ang dapat malaman ng mga employer?

Ang lahat ng employer, empleyado, lugar ng trabaho, at pabahay na ibinigay ng employer ay dapat sumunod sa mga bagong iniaatas ng Labor Code, maliban sa mga nakalista sa subsection (b) ng Labor Code 6401.9.

Ang fact sheet na ito ay nagbibigay lamang ng pangkalahatang-ideya. Dapat suriin ng mga employer ang buong mga iniaatas ng **California Senate Bill 553** (SB 553), na kinabibilangan ng seksyon 6401.9 ng Labor Code.




## Paglikha ng plano sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho

Binabalangkas ng seksyon 6401.9 ng Labor Code ang mga elemento ng isang plano sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho na iniaatas ng seksyon 6401.7:

- Ang bawat sakop na employer ay inaatasang magtatag, magpatupad, at magpanatili ng isang epektibong plano sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho.
- Ang plano ay kailangang kabilangan ng mga sumusunod:
  - Ang mga pangalan ng mga taong responsable para sa pagpapatupad nito.
  - Mga epektibong pamamaraan para sa pakikibahagi ng empleyado sa pagbuo at pagpapatupad ng plano.
  - Mga paraan para maiugnay ang pagpapatupad ng plano sa ibang mga employer, kapag naaangkop.
  - Mga pamamaraan para sa mga employer para hawakan at tugunan ang mga ulat ng karahasan sa lugar ng trabaho, habang tinitiyak na walang paghihiganti laban sa nag-uulat na empleyado.
  - Mga pamamaraan upang matiyak ang pagsunod mula sa mga empleyado, kabilang ang mga superbisor.
  - Mga pamamaraan para makipag-usap sa mga empleyado tungkol sa mga usapin ng karahasan sa lugar ng trabaho.
  - Mga protocol sa pagtugon sa emergency o kagipitan.

*(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)*



    - Mga probisyon sa pagsasanay.
    - Mga pamamaraan para kilalanin / tukuyin at suriin ang mga peligro o panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho na kinabibilangan ng mga inspeksyon na may sumusunod na dalas:
        - Kapag ang plano ay unang naisaayos.
        - Nakaiskedyul nang pana-panahon.
        - Pagkatapos ng mga mararahas na insidente.
        - Sa tuwing may malalaman na bagong peligro o panganib.
    - Mga pamamaraan sa napapanahong pagwawasto ng mga natukoy at nasuring panganib ng karahasan sa lugar ng trabaho.
    - Mga pamamaraan para sa pagtugon at pagsisiyasat pagkatapos ng insidente.
    - Mga pamamaraan na nagbibigay-daan para sa pagrerepaso ng plano:
        - Taon-taon.
        - Kapag may kakulangang naobserbahan o nahalatang lumitaw.
        - Pagkatapos ng insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho.
    - Anumang ibang pamamaraan na kinakailangan para sa kalusugan at kaligtasan ng empleyado ayon sa iniaatas ng Cal/OSHA at Standards Board.
- Ang plano ay dapat na may bisa sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar ng trabaho at maging partikular sa mga panganib at mga hakbang sa pagwawasto para sa bawat lugar ng trabaho at operasyon.
- Ang nakasulat na plano ay maaaring isama bilang isang seksyon na napapaganang mag-isa (stand-alone) sa nakasulat na programa sa pag-iwas sa pinsala at pagkakasakit na iniaatas ng seksyon **3203** ng title 8 ng California Code of Regulations o pinananatili bilang isang hiwalay na dokumento.

## Mga iniaatas o kinakailangang impormasyon sa tala ng marahas na insidente

Ang mga employer ay dapat magpanatili ng tala ng lahat ng mga insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho kahit na ang insidente ay hindi nagresulta sa pinsala. Dapat kasama sa talang ito ang mga impormasyon sa bawat insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho na batay sa mga pahayag ng empleyado, mga pahayag ng saksi, at mga natuklasan sa pagsisiyasat. Ang impormasyon ng insidente ay dapat kabilangan nang hindi bababa sa mga sumusunod:

- Petsa ng insidente, oras, at lokasyon.
- "Type" (1, 2, 3, at/o 4) ng karahasan sa lugar ng trabaho.
- Detalyadong paglalarawan ng insidente.
- Klasipikasyon / Pag-uuri kung sino ang gumawa ng karahasan.
- Ang mga pangyayari sa oras ng insidente.
- Lugar kung saan nangyari ang insidente.
- Mga partikular na katangian ng insidente, tulad ng mga pisikal na pag-atake, pagkakasangkot ng armas, pagbabanta, sekswal na pag-atake, insidente ng hayop, o iba pang mga kaganapan.
- Ano ang mga kinahinatnan ng insidente, kabilang ang anumang pakikibahagi sa pagpapatupad ng batas.
- Anong mga hakbang ang ginawa upang maprotektahan ang mga empleyado mula sa karagdagang banta o panganib.
- Sino ang gumawa / kumumpleto ng tala (log), kasama ang kanilang pangalan, titulo sa trabaho, at ang petsa nang natapos ito.

Tandaan: Dapat na ibukod / hindi isama ng mga employer ang personal na impormasyong pagkakakilanlan na magpapakilala sa sinumang taong sangkot sa isang marahas na insidente.

## Pagsasanay sa mga empleyado tungkol sa karahasan sa lugar ng trabaho

- Ang mga employer ay dapat magbigay ng epektibong pagsasanay at dapat tiyakin na ang mga materyales sa pagsasanay ay madaling maintindihan at tumutugma sa edukasyon, kasanayan sa pagbabasa, at wika ng mga manggagawa.
- Dapat bigyan ng mga employer ang mga empleyado ng isang paunang pagsasanay at taon-taon pagkatapos nito.

*(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)*

- Ang pagsasanay ay kinakailangan para masakop ang iba't ibang aspeto, kabilang ang mga sumusunod:
    - Pagpamilyar o pagpapaalam sa mga empleyado tungkol sa plano, paano makakuha ng kopya, at paano makikilahok sa pagbuo at pagpapatupad ng plano ng employer.
    - Mga kahulugan at iniaatas ng Labor Code seksyon 6401.9.
    - Paano mag-ulat ng mga insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho nang walang takot sa paghihiganti.
    - Pag-unawa sa mga panganib sa karahasan na partikular sa trabaho at mga hakbang sa pag-iwas sa mga ito.
    - Layunin ng tala (log) ng marahas na insidente at kung paano makakakuha ng mga nauugnay na rekord.
    - Mga pagkakataon para sa mga interaktibong pakikipagtalakayan sa isang taong may kaalaman tungkol sa plano ng employer.
- Kapag ang bago o dati nang hindi natukoy na mga panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho ay natuklasan, o may mga pagbabagong ginawa sa plano, ang employer ay dapat magbigay ng karagdagang pagsasanay na nakatutok sa partikular na panganib o mga pagbabago sa plano.

## Mga responsibilidad ng employer sa mga iniaatas o kinakailangan sa pagpapanatili ng tala ng karahasan sa lugar ng trabaho

- Ang plano ay dapat na nakasulat at madaling ma-access ng mga empleyado, mga awtorisadong kinatawan ng empleyado, at mga kinatawan ng Cal/OSHA.
- Ang mga tala / rekord ng pagkatukoy, pagsusuri, at pagwawasto ng panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho ay dapat likhain at panatilihin nang hindi bababa sa limang taon.
- Ang mga tala / rekord ng pagsasanay ay dapat likhain at panatilihin nang hindi bababa sa isang taon.
- Ang mga tala ng marahas na insidente ay dapat panatilihin nang hindi bababa sa limang taon.
- Ang mga tala / rekord ng mga insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho na sumailalim sa pagsisiyasat ay dapat panatilihin nang hindi bababa sa limang taon.




## Karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan

Gaya ng iniaatas ng **title 8, seksyon 342(a)**. Pag-uulat ng mga Pagkamatay at Malubhang Pinsala na Nauugnay sa Trabaho (Reporting Work-Connected Fatalities and Serious Injuries), ang mga employer ay may legal na pananagutan na agad na mag-ulat sa Cal/OSHA ng anumang malubhang pinsala o karamdaman, o kamatayan (kabilang ang anuman dahilan sa karahasan sa lugar ng trabaho) ng isang empleyado na naganap sa isang lugar ng trabaho o may kaugnayan sa anumang trabaho

Ang mga karagdagang regulasyon na maaaring ilapat sa karahasan at pagkakalantad sa lugar ng trabaho ay makikita sa mga sumusunod na seksyon ng title 8:


- **Seksyon 342** (Reporting Work-Connected Fatalities and Serious Injuries).
    - Para sa mga tagubilin sa pag-uulat, pumunta sa **Report a Work-Related Accident – Employers**.
- **Seksyon 3203** (Injury and Illness Prevention).
- **Seksyon 14300** (Employer Records-Log 300).
    - Para sa impormasyon sa Tala ng Mga Pinsala at Pagkakasakit na may Kaugnayan sa Trabaho (The Log of Work-Related Injuries and Illnesses - Cal/OSHA Form 300), pumunta sa **Brief Guide to Recordkeeping Requirements**.

*(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)*

# Mga Programa sa Konsultasyon ng Cal/OSHA

**Walang bayad na Numero：1-800-963-9424 Internet：www.dir.ca.gov**

## Mga Opisina sa Lugar ng Programa ng Tulong sa Site



### Hilagang California
1750 Howe Avenue, Suite 490
Sacramento, CA 95825
(916) 263-0704

### Central Valley
2550 Mariposa Mall, Room 2005
Fresno, CA 93721
(559) 445-6800

### San Francisco Bay Area
1515 Clay Street, Suite 1103
Oakland, CA 94612
(510) 622-2891

### San Bernardino
464 West 4th Street, Suite 339
San Bernardino, CA 92401
(909) 383-4567

### San Fernando Valley
6150 Van Nuys Blvd., Suite 307
Van Nuys, CA 91401
(818) 901-5754

### La Palma/LA Metro Area/Orange
1 Centerpointe Drive, Suite 150
La Palma, CA 90623
(714) 562-5525

### San Diego/Imperial
7575 Metropolitan Drive, Suite 204
San Diego, CA 92108
(619) 767-2060

Pebrero 2024

Ang dokumentong ito ay makukuha kasama ng mga aktibong link sa www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications. Para sa tulong tungkol sa paksang ito, maaaring makipag-ugnayan ang mga employer sa Cal/OSHA Consultation Services at 1-800-963-9424 o sa InfoCons@dir.ca.gov
www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html

© 2024 California Department of Industrial Relations